PIVOT 4A

# LEARNER'S MATERIAL

## GRADE 1 - MAPEH (Music)




QUARTER 3

MELC based SLM

DepEd CALABARZON
Curriculum and Learning Management Division


PAG-AARI NG PAMAHALAAN
Hindi Ipinagbibili

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na hindi maaaring magkaroon ng karapatang-ari sa anumang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayumpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitahan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anumang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anumang bahagi ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anumang paraan nang walang pahintulot ng Kagawaran.

Ang modyul na ito ay masusing sinuri at nirebisa ayon sa pamantayan ng DepEd Regional Office 4A at ng Curriculum and Learning Management Division CALABARZON. Ang bawat bahagi ay tiniyak na walang nilabag sa mga panuntunan na isinasaad ng Intellectual Property Rights (IPR) para sa karapatang pampagkatuto.

Mga Tagasuri

PIVOT 4A Learner's Material
Ikatlong Markahan
Ikalawang Edisyon, 2021

# MAPEH (Music)
## Unang Baitang

Job S. Zape, Jr.
**PIVOT 4A Instructional Design & Development Lead**

Waltan Taikun O. Taccad
**Content Creator & Writer**

Eugene Ray F. Santos
**Internal Reviewer & Editor**

Ephraim L. Gibas & Michelle Anne V. Medillo
**Layout Artist & Illustrator**

Jeewel L. Cabriga, Alvin G. Alejandro & Melanie Mae N. Moreno
**Graphic Artist & Cover Designer**

Ephraim L. Gibas
**IT & Logistics**

Roy Rene S. Cagalingan, Komisyon sa Wikang Filipino
**External Reviewer & Language Editor**

Inilathala ng: Kagawaran ng Edukasyon Rehiyon 4A CALABARZON
Patnugot: **Francis Cesar B. Bringas**


# Mga Pinagmumulan ng Tunog


I



## Aralin

Paano nagkakaroon ng tunog? Saan nanggagaling ang iyong mga naririnig? Ano-ano ang mga bagay na nagbibigay ng tunog?

Sa araling ito, malalaman mo ang mga pinagmumulan ng tunog. Makagagawa ka rin ng sarili mong tunog gamit ang iba't ibang bahagi ng iyong katawan, kapaligiran, o mga bagay na gawa ng tao.






Mahalagang matutuhan ang tunog dahil ito ang bumubuo sa ating mga naririnig. Ginagamit natin ang tunog upang makipag-usap at magpahayag ng ating damdamin sa salita man o sa kilos. Kung walang tunog ay wala ring musika.

## D


**Gawain sa Pagkatuto Bilang 1:** Sa gabay ng iyong mga magulang, gawin ang mga sumusunod na kilos upang makagawa ng sarili mong tunog. Kopyahin ang talaan sa sagutang papel at lagyan ng tsek ✓ .

| Mga Kilos | Naisagawa | Hindi naisagawa |
|---|---|---|
| 1. Pumalakpak nang tatlong beses. | | |
| 2. Tapikin ang iyong hita. | | |
| 3. Bigkasin ang iyong pangalan. | | |
| 4. Umawit ng A, B, C. | | |
| 5. Pumadyak nang dalawang beses. | | |
| 6. Tumalon nang mataas. | | |

Maaari kang gumawa ng maraming uri ng tunog gamit ang iba't ibang parte ng iyong katawan, tulad ng kamay, paa, at bibig. Masdan ang mga larawang ito:

| | |
|---|---|
| 1.  | 2.  |
| 3.  | 4.  |

Ang kapaligiran ay nagbibigay ng mga likas na tunog. Marami tayong maaaring madinig na hindi gawa ng tao, tulad ng hangin, tubig, at mga hayop.

| | | |
|---|---|---|
|  |  |  |

Hindi man natin nakikita ang hangin, naririnig natin ang malakas na ihip nito. Ang mga puno ay hindi nakapagsasalita, ngunit nakalilikha ang mga ito ng tunog sa paggalaw ng mga sanga at dahon. Ang pagpatak at pag-agos ng tubig ay nakagiginhawa namang pakinggan.

Nakaranas ka na ba ng isang bagyo? Ano-ano ang mga tunog na iyong naririnig sa tuwing sasapit ang isang malakas na bagyo?










Maraming nilalang na buhay ang gumagawa ng iba't ibang uri ng tunog tulad ng mga hayop, insekto, at halaman. Ano-ano ang mga halimbawa ng tunog ng mga ito?

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 2:** Sa gabay ng iyong mga magulang, lumikha ng tunog ng mga sumusunod na hayop gamit ang iyong tinig. Isulat sa sagutang papel kung NAISAGAWA o HINDI NAISAGAWA.


| | |
|---|---|
| huni ng ibon  | kahol ng aso  |
| tilaok ng manok  | tunog ng baka  |

## E

Maraming bagay na gawa ng tao ang nakalilikha rin ng tunog, tulad ng telepono, telebisyon, o ispiker. Ang mga bagay na ito ay kapaki-pakinabang dahil sa kanilang paglikha ng tunog.

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 3:** Sa gabay ng iyong mga magulang, lumikha ng tunog ng sumusunod na bagay gamit ang iyong tinig. Sa sagutang papel, gumuhit ng masayang mukha ☺ kung naisagawa at malungkot na mukha ☹ kung hindi


1. ugong ng umaandar na trak



2. busina ng tren




3. pagpukpok ng martilyo




4. pagkalembang ng kampana



**Gawain sa Pagkatuto Bilang 4:** Sa gabay ng iyong magulang, gumuhit ng masayang mukha ☺ kung ang nasa larawan ay may kaaya-ayang tunog at malungkot na mukha ☹ kung hindi. Gawin ito sa iyong sagutang papel.



alon ng dalampasigan



nabasag na pinggan




busina ng mga sasakyan



huni ng mga ibon

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 5:** Sa gabay ng iyong mga magulang, lumikha ng tunog gamit ang mga kagamitang nakatala sa ibaba. Sa sagutang papel, iguhit ang masayang mukha ☺ kung naisagawa at malungkot na mukha ☹ kung hindi.

| Mga Kagamitan | ☺ | ☹ |
|---|---|---|
| 1. kutsara at tinidor | | |
| 2. pares ng tsinelas | | |
| 3. kumot at unan | | |
| 4. walis at pandakot | | |
| 5. papel at kuwaderno | | |

## A

Ang tunog ay isa sa mga biyaya ng Diyos sa mga tao. Binigyan niya tayo ng dalawang 

upang makadinig ng iba't ibang ____________, tulad ng mga salita at magagandang 

.

Kaya ingatan mo ang iyong mga pandinig at pati na rin ang iyong buong ____________. Sikaping gumawa lamang ng mga tunog na kaaya-ayang ____________.

| pakinggan | tunog | katawan |
|---|---|---|

WEEKS
3-4

I


# Iba't ibang Uri ng Tunog


## Aralin

Ano-ano ang mga tunog na kaaya-ayang pakinggan? Paano nakalilikha ng magagandang tunog? Anong uri ng mga tunog ang bumubuo sa musika?

Sa araling ito, matutukoy mo ang mga payak na bagay na maaaring gamitin sa pagtugtog ng musika. Makalilikha ka ng mga tunog sa pamamagitan ng iba't ibang paraan at materyal.

Tingnan ang mga larawan sa ibaba. Alin sa dalawa ang maaaring lumikha ng pino o purong tono? Alin naman kaya ang maaaring magdulot ng basag o sabog na tunog?






## D

Ang **purong tunog** ay ang tunog na pino, malinis, makinis, diretso, at may kaukulang tono. Ito ay maaaring lumikha ng mataas o mababang tono, at kadalasan ay mahaba ang tunog. Halimbawa:

| | |
|---|---|
|  pagsipol |  pagpitik o paghila ng goma |

Ang **tunog na hindi puro** ay may tunog na hindi pino, magaspang at walang kaukulang tono. Mahirap tukuyin kung ito ay mataas o mababa, at kadalasan ay maikli lamang ang tunog nito. Halimbawa:

| | |
|---|---|
|  pagyabog sa mesa |  umaandar na sasakyan |




May mga bagay na sadyang hindi nakalilikha ng purong tunog, ngunit kapag ito ay ginawan ng ritmo ay magiging kaaya-aya pa ring pakinggan. Halimbawa, ang pagtugtog ng ritmong maayos gamit ang lata at istik.

Ang **pagtugtog** ay ang paggamit ng isang bagay upang makalikha ng kaaya-ayang tunog. Ito ay ginagawa upang bumuo ng ritmo o himig ng musika.


**Gawain sa Pagkatuto Bilang 1**: Sa gabay ng iyong mga magulang, lagyan ng tsek ✔ kung ang mga nalikhang tunog ay may purong tunog, at ekis ✖ kung ito ay hindi purong tunog. Gawin ito sa iyong sagutang papel.


1. Pag-awit ng "Paa, tuhod, balikat, ulo…"
2. Paghampas ng silya
3. Pagputok ng bulkan
4. Pagtapik ng tinidor sa baso
5. Pagpindot sa tiklado ng piano

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 2:** Sa gabay ng iyong mga magulang, pagtugmain ang mga bagay sa kaliwa, at ang mga paraan ng pagtugtog sa kanan. Isulat ang letra ng tamang sagot sa iyong sagutang papel.

| | | |
|---|---|---|
| 1. bakal na tinidor  | | A. Ilagay sa loob ng box at alugin |
| 2. boteng walang laman  | | B. Unatin at pitikin |
| 3. goma o garter  | | C. Hipan sa loob ng butas |
| 4. maliliit na bato  | | D. Ipalo nang mahina sa mga baso |


## E

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 3:** Sa gabay ng iyong mga magulang, kilalanin ang mga bagay na nasa larawan. Sa iyong sagutang papel, lagyan ng masayang mukha  kung ang mga ito ay may kaaya-ayang tunog at malungkot na mukha  kung hindi.

| | |
|---|---|
| Mga bote na may iba't ibang dami ng tubig sa loob  | Mga lata na iba't iba ang laki  |
| Goma o garter  | Kutsara at tinidor  |

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 4:** Sa gabay ng iyong mga magulang, piliin ang titik ng mga larawan na nakagagawa ng malakas na tunog. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

1. A.




B.




2. A.




B.



3. A.




B.




4. A.




B.



## A

Sa araling ito ay matututuhan ko ang iba't ibang uri ng tunog. May tunog na  __________. Ito ay pino, malinis, at makinis.

May tunog  na __________. Ito ay magaspang, hindi pino, at walang kaukulang tono.

At may tunog na  __________

| | | |
|---|---|---|
| Purong tunog | di–puro | malakas |

# Paglakas at Paghina ng Tunog

Aralin

WEEK 5

I

Nasubukan mo na ba ang bumulong? Nasubukan mo na ba'ng sumigaw? Ano ang pagkakaiba ng bulong at sigaw?



Tama! Sa araling ito, matutukoy mo ang pagbabago sa lakas o hina ng tunog. Makalilikha ka rin ng mga tunog na lumalakas o humihina.


| | |
|---|---|
| pagsulat ng lapis<br> | pagdaan ng tren<br> |
| pagputok ng bulkan<br> | pagpatak ng kandila<br> |

Mahalagang matutuhan ang paglakas o paghina ng tunog. Nakatutulong ito upang magpahiwatig ng angkop na saloobin sa pagsasalita, pag-awit, o pagtugtog ng musika.

## D

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 1:** Sa gabay ng iyong mga magulang,basahin ang mga sitwasyon sa ibaba. Isulat ang letrang “**O**” kung ang iyong tinig ay maaaring lakasan. Isulat naman ang gitling “**H**” kung hindi. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

| | |
|---|---|
| 1. Nasa loob ka ng simbahan<br> | 2. Naglalaro ka sa palaruan<br> |
| 3. Namamasyal ka sa parke<br> | 4. Natutulog ang isang tao sa iyong tabi<br> |



May mga tunog na maaaring baguhin o kontrolin ng tao, tulad ng boses, tunog ng pagkilos, o musika.
Hindi sa lahat ng pagkakataon ay laging malakas o laging mahina ang tunog.

Kailan natin dapat baguhin ang lakas o hina ng ating tinig o mga tunog na ating nililikha?


**Gawain sa Pagkatuto Bilang 2:** Sa gabay ng iyong mga magulang, awitin o pakinggan ang "Lupang Hinirang" gamit ang mga titik na nakapaloob sa bawat kahon sa ibaba. Gumuhit ng isang bituin (★) kung ang tunog ng bahagi ng awit ay mahina at gumuhit ng araw (☀) kung ito ay malakas. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

| | | |
|---|---|---|
| **1.** | Bayang magiliw, perlas ng silanganan<br>Alab ng puso, sa dibdib mo'y buhay<br>Lupang hinirang, duyan ka ng magiting<br>Sa manlulupig, di ka pasisiil | |
| **2.** | Sa dagat at bundok, sa simoy at sa langit mong bughaw<br>May dilag ang tula at awit sa paglayang minamahal<br>Ang kislap ng watawat mo'y tagumpay na nagniningning<br>Ang bituwin at araw niya, kailan pa ma'y di magdidilim | |
| **3.** | Lupa ng araw ng luwalhati't pagsinta<br>Buhay ay langit sa piling mo<br>Aming ligaya na pag may mang-aapi<br>Ang mamatay nang dahil sa'yo | |

E

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 3:** Sa gabay ng iyong mga magulang, suriin ang mga larawan sa ibaba.


Sa iyong sagutang papel, gumuhit ng parisukat, □ at kulayan ng pula kung ito ay may malakas na tunog at dilaw kung ito ay mahina.




1.



2.




3.



4.

## A

May mga tunog na kailangang lakasan, at mayroon ding kailangang hinaan. Sa musika, may mga bahaging mahina at mayroon ding malakas. Mas kaaya-ayang dinggin ang musikang may pabago-bagong lakas o hina dahil ito ay mas madamdaming itanghal at pakinggan.






# Mga Tunog ng Hayop

## Aralin

## I


Ano-ano ang mga paborito mong hayop? Bakit kaya sila gumagawa ng malalakas o mahihinang tunog? Paano sila nakalilikha ng mga kakaibang uri ng tunog?

Sa araling ito, maiuugnay mo ang lakas at hina ng tunog sa laki at kilos ng mga hayop. Matatantiya mo rin kung gaano kalakas o kahina ang tunog ng isang bagay o nilalang ayon sa laki o liit nito.

| | |
|---|---|
| Daga  | Baka  |
| Kabayo  | Langaw  |


D

Ang iba't ibang uri ng mga hayop ay nakalilikha ng malalakas o mahihinang tunog. Kaya nilang baguhin ang lakas o hina ng kanilang huni, ayon sa kanilang naiisip, nadarama, ninanais, at kinikilos.







**Gawain sa Pagkatuto Bilang 1:** Sa gabay ng iyong mga magulang, pagtugmain ang bawat huni sa kaliwa at bawat hayop sa kanan. Isulat ang titik ng tamang sagot sa iyong sagutang papel.

| | |
|---|---|
| 1.“Aw-aw-aw!” | A. butiki |
| 2.“Tsk tsk tsk tsk” | B. tuta |
| 3.“Ssss… Ssss…” | C. maya |
| 4.“Twit, twit” | D. kobra |

Ang malalaking hayop o bagay ang kadalasang nakalilikha ng malalakas na tunog. Ang maliliit na hayop o bagay naman ang kadalasang nakalilikha ng mahihinang tunog.

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 2:** Sa gabay ng iyong mga magulang, gumuhit ng bilog ( **O** ) kung ang hayop ay lumilikha ng malakas na tunog, at gitling ( - ) kung mahinang tunog. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

| | |
|---|---|
| 1. sisiw - ______ | 2. kambing - ______ |
| 3. kalabaw - ______ | 4. Kuting - ______ |

Ang kilos o galaw ng hayop ay nakalilikha rin ng iba’t ibang tunog. Mayroong malakas at mayroon ding mahina.

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 3:** Gumuhit ng tsek ✔ kung ang hayop ay may malaking pagkilos o galaw. Gumuhit naman ng ekis ✖ kung ang hayop ay may maliit na pagkilos o galaw. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

1. Tumatakbong kabayo
2. Gumagapang na gagamba
3. Naglalakad na langgam
4. Lumilipad na agila
5. Lumalangoy na balyena

E

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 4:** Sa gabay ng iyong mga magulang, tularan ang mga huni at galaw ng mga hayop sa bawat kalagayan sa ibaba. Gumuhit ng tsek (/) sa sagutang papel kung ang hayop ay may malaking kilos o galaw at ekis (X) kung maliit na pagkilos o galaw.

1. Ahas na gumagapang
2. Manok na tumitilaok sa umaga
3. Asong nakakita ng taong hindi kilala
4. Kuting na naglalambing sa kaniyang amo
5. Bubuyog na umaali-aligid sa isang bulaklak.

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 5:** Basahin ang maikling kwento sa ibaba. Kapag nakita ang simbolong ito ☺ ay sabayan mo ng akmang kilos at tunog ng hayop ang nilalaman ng salaysay. Ang mga tunog ng hayop sa loob ng kahon ang magsisilbing gabay sa iyo.

| | | |
|---|---|---|
| Awwooooo… | Takatak-takatak… | Meow, meow |
| Me-eh-eh, me-eh-eh | Blop-blop-blop | Hoo-ah-ah, hoo-ah-ah |

Isang araw, naghanap ng kalaro si Kabayo. Niyaya niya si Pusa, ngunit ito ay inaantok ☺. Niyaya niya si Kambing, ngunit ito ay kumakain ☺. Pumunta siya kay Aso, ngunit ito ay natakot ☺. Pumunta siya kay Isda, ngunit hindi ito makaahon sa tubig ☺. Nakita siya ni Unggoy at pumayag itong makipaglaro ☺. Sumakay si Unggoy sa likod ni Kabayo at masaya itong tumakbo nang mabilis ☺.

## A

Punan ang mga patlang ng wastong salita upang makabuo ng makabuluhang kaisipan tungkol sa aralin. Isulat ang sagot sa malinis na papel.

Mahalagang matutuhan ang mga tunog at pagkilos ng mga __________ upang maunawaan ng ibang nilalang ang kanilang naiisip at ___________. Sa paraang ito, magiging maayos at mapayapa ang pamumuhay ng mga hayop kasama ng mga __________ at iba pang nilalang sa daigdig.

| | | |
|---|---|---|
| tao | hayop | nadarama |

WEEK 8

I

# Paglakas at Paghina ng Tinig


Aralin

Sa nakaraang aralin ay nakilala mo ang mga uri ng tunog na likha ng tao, hayop, kalikasan, at bagay. Ito ay maaaring malakas, mahina, puro, at hindi puro.

Sa araling ito, magagamit mo ang paglakas at paghina ng tinig at iba pang tunog upang mapahusay ang isang tula, dula, awit, o kuwentong musikal.

Mahalaga ang araling ito upang maipakita mo ang iyong damdamin at saloobin sa pamamagitan ng paggamit ng tunog.

Tingnan ang mga larawan sa ibaba. Alin rito ang nagpapakita ng isang taong tumutula o gumaganap sa isang dula? Alin naman ang nagpapakita ng taong umaawit sa isang kuwentong musikal?






# D

Ang tao ay may puso at pakiramdam. Likas na lumalabas ang pagbabago ng tunog sa ating mga tinig, sa pagsalita man o pag-awit



**Gawain sa Pagkatuto Bilang 1:** Sa gabay ng iyong mga magulang, bigkasin ang tulang **Ang Aking Alaga** sa paraang mahina at pagkatapos ay sa paraang malakas:

Ako ay may alaga,
Asong mataba,
Buntot niya'y mahaba,
Makinis ang mukha,
Mahal niya ako,
Mahal ko rin siya,
Kaya kaming dalawa
Ay laging magkasama.



Narito ang rubrik bilang gabay sa gawain.

1. Nabigkas ang tula na may tamang lakas.

   Oo ____ Hindi ____

2. Nabigkas ang tula na may tamang hina.

   Oo ____ Hindi ____

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 2:** Sa gabay ng iyong magulang, bigkasin sa paraang chant ang "Mang Kiko Chant ."

**"Mang Ki, Mang Ki Mang Kiko**
**Pupunta, pupunta sa Quiapo,**
**Bibili, bibili ng pako,**
**Gagawa, gagawa ng bangko"**

Narito ang rubrik bilang gabay sa gawain.

1. Nabigkas ang chant na may tamang lakas.

   Oo ____ Hindi ____

2. Nabigkas ang chant na may tamang hina.

   Oo ____ Hindi ____

Ang pagbabago ng tinig ay nakatutulong sa mahusay na pagtatanghal ng mga tula, dula, awit, at kuwentong musikal. Napauunlad nito ang pagganap ng mga artista o pagkanta ng mga mang-aawit. Mas

kagila-gilalas ang pag-arte o pagkanta na may wastong lakas at diin ang tinig. Nakadaragdag ito ng emosyon sa mga artista o mang-aawit, at pati na rin sa mga nanonood.

E

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 3:** Sa gabay ng iyong mga magulang, basahin ang sumusunod na pangungusap ayon sa tamang lakas o hina ng tinig, at taas o baba ng tono.

1. "Iiwan ko na ang aking alagang tuta."
2. "Yehey! May bago akong laruan!"
3. "Magpahinga muna tayo dahil pagod na ako."
4. "Ha ha ha! Nakakatawa ang palabas na ito!"
5. "Gusto ko nang matulog."

Narito ang rubrik bilang gabay sa gawain.

1. Nabigkas ang mga pahayag na may tamang lakas.

   Oo ____ Hindi ____

2. Nabigkas ang mga pahayag na may tamang hina.

   Oo ____ Hindi ____

3. Nabigkas ang mga pahayag na may tamang taas ng tono.

   Oo ____ Hindi ____

4. Nabigkas ang mga pahayag na may tamang baba ng tono.

   Oo ____ Hindi ____

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 4:** Sa gabay ng iyong mga magulang, awitin ang kanta sa ibaba ayon sa tamang lakas o hina ng tinig, bilis ng pagbigkas, at taas o baba ng tono.

Ako ay may lobo
Lumipad sa langit
Di ko na nakita
Pumutok na pala!

Sayang ang pera ko
Binili ng lobo
Sa pagkain sana
Nabusog pa ako!



Narito ang rubrik bilang gabay sa gawain.

1. Nabigkas ang awit na may tamang lakas.

   Oo ____ Hindi ____

2. Nabigkas ang awit na may tamang hina.

   Oo ____ Hindi ____

# A

Ang iniisip o nararamdaman ng isang tao ay maaaring magdulot ng pagbabago sa tunog ng kaniyang ____________. Mararamdaman din ng ibang taong nakaririnig ang emosyon ng iba ayon sa lakas o taas ng __________ na gamit nito. Kaya, dapat ay laging mag-ingat sa tono, lakas, o bilis ng iyong pananalita, kahit saan ka man magpunta o sino man ang iyong ____________ .

Ang maingat na ____________ ng lakas, tono, at bilis ng pananalita ay nakatutulong upang malinaw na maisaad ang ______________.

| |
|---|
| boses |
| kausap |
| pagsasalita |
| damdamin |
| paggamit |

## Susi sa Pagwawasto

Weeks 3-4
Gawain 1
1. /
2. X
3. X
4. /
5. /
6. X


Weeks 3-4
Gawain 2
1. D
2. C
3. B
4. A

Weeks 3-4
Gawain 3
1.–4.


Weeks 3-4
Gawain 4
1. A
2. B
3. B
4. B

Week 5
Gawain 1
H
O
O
H

Week 5
Gawain 2
1.–3.


Week 5
Gawain 3
1.–4.


Week 6-7
Gawain 1
1. B
2. A
3. D
4. C

Week 6-7
Gawain 2
1. –
2. O
3. –
4. O

Week 6-7
Gawain 3
1. /
2. X
3. X
4. /
5. /

## Personal na Pagtatása sa Lebel ng Performans para sa Mag-aaral



Pumili ng isa sa mga simbolo sa ibaba na kakatawan sa iyong naging karanasan sa pagsasagawa ng mga gawain. Ilagay ito sa Hanay ng LP o Lebel ng Performans. Basahin ang deskripsiyon bilang gabay sa iyong pagpili.

☆ -Nagawa ko nang mahusay. Hindi ako nahirapan sa pagsagawa nito. Higit na nakatulong ang gawain upang matutuhan ko ang aralin.

✓ -Nagawa ko nang maayos. Nahirapan ako nang bahagya sa pagsasagawa nito. Nakatulong ang gawain upang matutuhan ko ang aralin.

? -Hindi ko nagawa o nahirapan ako nang labis sa pagsasagawa nito. Hindi ko naunawaan ang hinihingi sa gawain. Kailangan ko pa ng paglilinaw o dagdag kaalaman upang magawa ko ito nang maayos o mahusay.

### Gawain sa Pagkatuto

| Week 1 | LP | Week 2 | LP | Week 3 | LP | Week 4 | LP |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| Gawain sa Pagkatuto Blg. 1 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 1 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 1 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 1 | |
| Gawain sa Pagkatuto Blg. 2 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 2 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 2 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 2 | |
| Gawain sa Pagkatuto Blg. 3 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 3 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 3 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 3 | |
| Gawain sa Pagkatuto Blg. 4 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 4 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 4 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 4 | |
| Gawain sa Pagkatuto Blg. 5 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 5 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 5 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 5 | |
| Gawain sa Pagkatuto Blg. 6 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 6 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 6 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 6 | |
| Gawain sa Pagkatuto Blg. 7 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 7 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 7 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 7 | |
| Gawain sa Pagkatuto Blg. 8 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 8 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 8 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 8 | |
| **Week 5** | **LP** | **Week 6** | **LP** | **Week 7** | **LP** | **Week 8** | **LP** |
| Gawain sa Pagkatuto Blg. 1 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 1 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 1 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 1 | |
| Gawain sa Pagkatuto Blg. 2 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 2 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 2 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 2 | |
| Gawain sa Pagkatuto Blg. 3 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 3 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 3 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 3 | |
| Gawain sa Pagkatuto Blg. 4 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 4 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 4 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 4 | |
| Gawain sa Pagkatuto Blg. 5 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 5 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 5 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 5 | |
| Gawain sa Pagkatuto Blg. 6 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 6 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 6 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 6 | |
| Gawain sa Pagkatuto Blg. 7 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 7 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 7 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 7 | |
| Gawain sa Pagkatuto Blg. 8 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 8 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 8 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 8 | |

Paalala: Magkaparehong sagot ang ilalagay sa LP o Lebel ng Performans sa mga gawaing nakatakda ng higit sa isang linggo o week. Halimbawa: Ang aralin ay para sa Weeks 1-2, lalagyan ang hanay ng Week 1 at Week 2 ng magkaparehong ☆, ✓, ?.

# Sanggunian

Department of Education. (2020). *K to 12 Most Essential Learning Competencies with Corresponding CG Codes*. Pasig City: Department of Education Curriculum and Instruction Strand.

Department of Education Region 4A CALABARZON. (2020). *PIVOT 4A Budget of Work in all Learning Areas in Key Stages 1-4: Version 2.0.* Cainta, Rizal: Department of Education Region 4A CALABARZON.

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education Region 4A CALABARZON

Office Address: Gate 2, Karangalan Village, Cainta, Rizal

Landline: 02-8682-5773, locals 420/421

https://tinyurl.com/Concerns-on-PIVOT4A-SLMs